



CAMP SLOGGETT

Isang perpektong lugar para sa lahat mula sa isang pambihirang karanasan sa pagtatapos ng linggo sa kakahuyan, hanggang sa isang hindi malilimutang pagsasama-sama ng pamilya o isang linggong insentibong bakasyon ng kumpanya.

Matatagpuan sa magandang Koke'e State Park, ang Camp Sloggett ay isang bukirin at tahimik lugar na nag-aalok ng mga hiking trail, sapa, pambihirang halaman, at yamang-gubat. Itinayo ang Lodge noong 1925 nina Henry at Etta Sloggett bilang isang bakasyunan ng pamilya. Ang mga batang Sloggett ay bukas-palad na nag-donate ng mga gusali at paupahan sa YWCA Kaua'i noong 1938. Noong 1993, ang Lodge ay inilagay sa Rehistro ng mga Pambansang Makasaysayang Lugar.

Patuloy na nangungunang pagpipilian ang kampo ng maraming lokal, estado, mainland, at internasyonal na mga grupo na nagbibigay ng mga kabataan at pamilya, simbahan, paaralan, at komunidad na mga bakasyunan at programming.



"Nanunuluyan ako sa Camp Sloggett kamakailan bilang bahagi ng isang group meditation retreat o pamamahinga para sa pagninilay-nilay. Nais ko lang pasalamat ka para sa pagpapanatiling maayos at nasa mabuting kalagayan ang kampong ito. Ilang beses na akong nanuluyan dito at laging nai-enjoy ang kagandahan at kapayapaan rito."

- S.M., Kīlauea



YWCA AY NASA ISANG MISYON



YWCA Sentro ng Tanggapan para sa Kababaihan

4410 Hardy St. Līhu'e, HI 96766

Opisina ng Admin ng YWCA

3094 Elua St. Līhu'e, HI 96766

(808) 245-5959 Opisina

24 ORAS NG HOTLINE:
TAWAGAN: (808) 245-6362



YWCAKAUAI.ORG

pag-aalis ng rasismo at
pagbibigay ng kapangyarihan
sa kababaihan

ywca
Kaua'i

Ang YWCA Kaua'i ay nakatuon sa pag-aalis ng rasismo, pagbibigay ng kapangyarihan sa kababaihan, at pagtataguyod ng kapayapaan, katarungan, kalayaan, at dignidad para sa lahat.

MGA SERBISYO SA KARAHASAN SA TAHAN AT SEKSWAL NA PAG-ATAKE

Libre at Kumpidensyal

24 ORAS NA HOTLINE

Ang ating 24/7/365 kumpidensyal na hotline, (808) 245-6362, ay sinusuportahan ng mga dalubhasang sinanay na kawani na maaaring tumulong sa mga kahilingan para sa mga serbisyo ng YWCA, pag-uulat, medikal na paggamot, mga pangkalahatang tanong, at mga referral na may kaugnayan sa karahasan sa tahanan at sekswal na pag-atake. Available ang mga Crisis Intervention Specialist ng 24/7 para sa harapang interbensyon, adbokasiya, at pagpapayo.

MGA SERBISYO SA WEB CHAT AT SUPORTA SA TEXT

Ang pagtawag sa telepono sa isang linya ng tulong o pag-alis ng bahay ay hindi laging posible kapag nakakaranas ka ng pang-aabuso. Para sa karamihan, ang isang online na chat ay maaaring maging mas komportable kaysa sa isang tawag sa telepono o pakikipagpulong sa isang tagapagtaguyod nang personal. Pumunta sa ywcakauai.org/chat o magtext sa (808) 245-6362.

Magagamit araw-araw
9 am - 10 pm



KANLUNGAN PARA SA MGA MAY KARAHASAN SA PAMILYA

Nag-aalok ang kanlungan ng YWCA Kaua'i ng kaligtasan at mga serbisyo para sa lahat ng nakaligtas, anuman ang kasarian o oryentasyong sekswal. Kasama sa mga serbisyong ito ang: silid at board, pagpapayo, 24-oras na tulong sa krisis, suporta sa pabahay, at tulong para sa mga bata.

Ang lokasyon at lahat ng mga serbisyong inaalok ng kanlungan ay libre at kumpidensyal.

MGA PANSAMANTALANG RESTRAINING ORDER

Ang tulong ay available para sa mga naghahanap ng legal na proteksyon mula sa mga abusadong partner o miyembro ng pamilya. Tutulungan ka ng ating TRO Advocate sa pagkumpleto at paghahain ng restraining order pati na rin ang pagbibigay ng emosyonal na suporta at samahan sa korte.

MGA SERBISYO NG PAGPAPAYO

Ang trauma na dulot ng sekswal na pag-atake/pang-aabuso ay maaaring magkaroon ng pangmatagalang epekto sa mga indibidwal at pamilya. Gumagamit ang ating mataas na kwalipikadong kawani ng kasanayang nakabatay ayon sa ebidensya para makatulong na makabuo ng mga kasanayang kinakailangan upang pagalingin at mapanatili ang malusog na mga relasyon.



ADBOKASIYA NG BIKTIMA AT PAMILYA

Ang mga Serbisyo ng Crisis Intervention ng YWCA Kaua'i ay nag-aalok ng 24/7 na suporta at tulong para sa mga nakaligtas at kanilang mga pamilya. Kasama sa mga serbisyo ng tulong ang harapang pagpapayo at suporta sa krisis bago, habang, at pagkatapos ng mga medikal na forensic na mga eksamen, mga ulat sa tagapagpatupad ng batas, mga legal na konsultasyon, at pagharap sa korte.

Ang pag-uulat ng pulisya ay hindi kinakailangan para sa pagtanggap ng mga serbisyo o isang forensic na medikal na eksamen (kilala rin bilang isang "eksamin ng nars sa pag-atake ng sekswal").

PAG-AARAL SA PAG-IWAS

Nag-aalok ang YWCA Kaua'i ng Sexual Assault Prevention Education (Pag-aaral sa Pag-iwas sa Sekswal na Pag-atake) sa lahat ng paaralan at tagapagbigay ng serbisyo. Ang paghahatid ng kurikulum na ito na nakabatay sa ebidensya ay inaalok nang walang bayad upang lumikha ng mas ligtas na mga lugar, mabawasan ang bahid, at maiwasan ang sekswal na karahasan. Ang pagtuturo na naaangkop ayun sa edad ay inaalok sa mga mag-aaral mula sa preskul hanggang ika-12 na baitang.

Available din ang pagsasanay para sa mga negosyo, ahensya, at grupo tungkol sa mga pabago-bagong sekswal na pag-atake.

MGA SERBISYO NG NAGKASALA

PAGGAMOT SA SEX OFFENDER

Gumagana ang YWCA Sex Offender Treatment Program sa mga nasa hustong edad na nagkasala sa pakikipagtalik na tinutukoy ng hukuman at mga kabataang may mga problema sa sekswal na pag-uugali. Kabilang sa mga serbisyo ang psychosexual na pagsusuri at ebalwasyon (kabilang ang mga pagsubok sa polygraph), mga sesyon ng pagpapayo sa indibidwal, pamilya, at grupo, at mga referral para sa karagdagang paggamot.

MGA ALTERNATIBO SA KARAHASAN

Ang isang batterer intervention program na may layuning mapanatiling ligtas ang mga biktima at magbigay ng paraan para magsimula ang mga abusadong partner sa landas ng tunay na pagbabago sa kanilang mapang-abusong pag-uugali.

IBA PANG MGA PROGRAMA



KATARUNGANG PANLIPUNAN

Ang ating pangako sa katarungang panlipunan at lahi ay nangunguna sa ating trabaho sa loob ng mahigit 100 taon. Sa kasalukuyan, nag-aalok kami ng iba't ibang programa ng pagkakapantay-pantay ng lahi at katarungang panlipunan. Bisitahin ang ywcakauai.org para sa higit pang impormasyon sa mga kasalukuyang kampanya at paparating na mga kaganapan.

HEALTHY MONEY CHOICES

Nag-aalok ang programa ng pagbibigay-kapangyarihan sa pananalapi ng YWCA Kaua'i ng mga libreng workshop para sa kaalaman sa pananalapi at harapang pagtuturo, kabilang ang pag-aayos ng credit, pagbabadyet, pamumuhunan 101, at Pamantasan ng YWCA. Bisitahin ang healthymoneychoices.org para malaman ang tungkol sa mga paparating na klase.